



COUNTY NG SAN DIEGO

MGA BALITANG PAHAYAGAN

PARA SA MADALIANG PAHAYAGAN
Ika-24 ng Agosto, 2018
Kontak: Juanito R. Amor Jr. (858) 505-7257

MAKUHA ANG SAMPOL NA BALOTA SA INYONG EMAIL

Manguna sa County na makuha ang inyong pamplet ng sampol na balota at impormasyon para sa botante sa email bawat panahon ng eleksyon sa pamamagitan ng [pag-sign-up](#) para makuha ang mga materyales sa eleksyon.

Noon, nirequire ng mga pang-estado at lokal na batas ang Tagapagrehistro na magpadala ng mga papel na kopya ng pamplet ng sampol na balota at impormasyon para sa botante sa bawat rehistradong botante. Ngayon, maaari nang ipadala ng Tagapagrehistro ang mga ito electronically, at tinatayang 80,000 mga botante ng County ay makukuha ang kanilang materyales sa eleksyon sa kanilang inbox sa email.

Ang mga nag-sign-up ay makakatipid ng toneladang papel at dolyares ng mga nagbabayad ng buwis sa pagprint at mga gastos sa pagpapadala. Agaran ding makikita ang mga materyales sa eleksyon sa kanilang inbox matapos itong isiwalat samantalang ang ibang mga botante ay kailangan pang maghintay ng isang araw o higit pa bago nila matanggap ang mga pamplet sa kanilang mailbox.

Dapat mag-sign-up na bago matapos ang buwan na ito ang sinumang rehistradong botante na interesadong makuha ang materyales electronically para sa eleksyon sa Nobyembre. Simula sa katapusan ng Setyembre, ang Tagapagrehistro ay sisimulan ang proseso ng pagpapakoreo ng 1.7 milyon na mga pamplet ng sampol na balota para sa eleksyon sa Nobyembre. Sa mga hindi aabot sa deadline mayroon silang makikitang postcard sa likod ng kanilang sampol na balota bilang paalala na maaari silang mag-sign-up para sa electronic mailings para sa mga susunod na eleksyon.

Kung ipinakoreo man o inemail, ang mga pamplet ng sampol na balota at impormasyon para sa botante ay maaaring makuha sa English, Spanish, Filipino, Vietnamese o Chinese kung hihilingin.

Para sa karagdagang impormasyon, tumawag sa (858) 565-5800 o bumisita sa [sdvote.com](#)

###

COUNTYNEWSCENTER  